



Mga papeles na kailangang ipasa sa eskuwelahan sa pagsimula ng pasukan

Huwag kaligtaang ipasa ang mga papeles sa takdang araw

Tungkulin ng mga magulang na mabigyan ng maayos na kalagayan ang mga anak para sa isang masayang pag-aaral. Alamin natin ang tungkol sa eskuwelahan gayundin ang mga sulat na inuuwi ng mga bata. Kung nahihirapan sa pagbasa at pagsulat sa mga papeles, tumutulong ang FICEC para maintindihan ang mga ito.



Sa Abril, magsisimula ang mga bata sa bagong yugto ng buhay-estudyante, papasok ng paaralan o para sa susunod na baitang. Maraming mga notisya at kasulatang kailangang sagutan at ipasa sa paaralan sa ganitong panahon.

Sa panimula ng pasukan, may mga kasulatan ng mahahalagang impormasyon ang kailangang ipasa at dalhin sa paaralan. Dapat basahin at alamin ang mga sulat galing sa paaralan para malaman ang iskedyul at mga aktibidad sa paaralan. Magiging panatag din ang mga bata kapag susubaybayan ng mga magulang ang kanilang pag-aaral at mga gawain sa paaralan.

Dahil sa bagong pagsisimula sa eskuwela, ang mga bata ay medyo nag-aalala kung kaya't mahalaga ang pagbibigay ng panahon lalo na sa mga kailangang papeles na dapat ipasa sa takdang araw. Maaring mahirap basahin at intindihin ang mga sulat, kaya't kailangang unawain mabuti bago ipasa. Tandaan din kung kailan dapat ipasa. Sakaling hindi maintindihan ang mga sulat at iba pang papeles, magsadya lamang sa FICEC para kayo ay matulungan.

[Mga kasulatan na kailangang ipasa sa paaralan]

***Mga katanungan tungkol sa bahay**

Ilagay ang address, numero ng telepono at impormasyon ukol sa pamilya.

***Mga katanungan ukol sa kalusugan**

Mga simpleng impormasyon ng tala ng bata ukol sa kalusugan gaya ng pagkakasakit.

***Kopya ng dependent's insurance card**

Kinakailangan kapag ang bata ay nagkasakit o naaksidente habang nasa pangangalaga ng eskuwelahan

***Account transfer application form para sa pagbabayad ng school lunch**

Ito ay kailangan para ipaalam sa banko ang aawasin bilang kabayaran sa school lunch

***Mga katanungan tungkol sa food allergy ng bata**

Dito nakatala kung may mga allergy sa pagkain ang bata.

***Pagtatanong kung sino ang kailangang tawagan sakaling may emergency**

Nakasaad dito kung sino ang tatawagan sakaling kailangang umuwi ang bata kapag may emergency gaya ng lindol, sunog o iba pa

***Aplikasyon para sa pagsasang ayon sa Japan Sports Council**

Ito ay gagamitin para sa insurance sakaling may aksidente sa paaralan

***Pagpapatala sa contact network para ma-kontak sakaling may emergency**

Sa ganitong mga kaso, e-mail ang ginagamit para madaling ma-kontak.

***Katanungan tungkol sa tuberculosis examination (para sa grade 1 at 2 sa elementary, at 3rd year sa junior high school)**

Pagtatala ng kondisyon ng kalusugan ng bata sa umaga.

